# 多言語情報コーナー （令和７年　９月号）

## 1. Pagsasagawa ng Pambansang Census.

Ang pambansang census ay isinasagawa upang malaman ang bilang at istraktura ng mga pamilya na naninirahan sa bansang ito mula sa ika-1 ng Oktubre ng taong 2025. Ito ang pinakamahalagang survey na ginagawa sa Japan tuwing limang taon. Dito nasusuri at natitipon ang mga impormasyon sa edad, kasarian, istraktura ng pamilya, uri ng tirahan at trabaho.

Sakop ng census ang lahat ng naninirahan sa Japan, kabilang ang mga dayuhan, anuman ang nasyonalidad. Isinasagawa ang census sa mga lugar kung saan ka naninirahan nang tatlong buwan o higit pa, o kung saan mo pinaplanong manirahan ng tatlong buwan o higit pa.

Ang impormasyong ibibigay mo sa questionnaire ay gagamitin lamang para sa mga layunin ng pagtatala ng mga impormasyon. Ang pag-compile ay gagawin sa paraang hindi makikilala ang mga indibidwal. Ang impormasyon na naibigay ay hindi ibabahagi sa pulisya o immigration bureau.

Ang census ay isasagawa sa ilalim ng Batas ng Istatistiko, kaya ang pagtugon sa survey ay mandatory. Ang pagtanggi na tumugon o pagbibigay ng mga maling sagot ay maaaring magresulta sa multa.

Mula sa huling bahagi ng Setyembre, ang mga tauhan ng census ay mamamahagi ng mga questionairres sa mga tahanan.

Maaaring tumugon ang mga respondent online gamit ang isang computer o smartphone. Kung hindi naman ay maaaring punan ang survey form, ilagay ito sa itinalagang return envelope at ipadala sa pamamagitan ng koreo. Kung nanaisin naman ay maaaring puntahan ng tauhan ng census ang sinagutang survey form at kokolektahin ito.

Kung sasagot online, maaari itong gawin sa pitong wika: English, Simplified Chinese, Traditional Chinese, Korean, Vietnamese, Spanish at Portuguese.

Kung sasagot doon sa papel na questionnaire, maaaring humingi ng bersyon ayon sa wikang naiintindihan dahil may mamamahagi ng questionnaires sa 28 na ibat-ibang wika.

Ang pagsagot sa survey sa pamamagitan ng online ay mula ika-20 ng Setyembre hanggang ika-8 ng Oktubre. Ang pagtugon naman para survey forms ay mula Oktubre 1 hanggang sa ika-8 ng Oktubre .

Hinihingi ang kooperasyon ng lahat para dito.

## 2. Tungkol sa Expiration Date ng Pagkuha ng Electronic Certificate.

Ikaw ba ay nagmamay-ari "My Number Health Insurance Card"? Ang My Number card ay irerehistro bilang isang health insurance card. Maaaring gamitin ang My Number card bilang insurance card sa mga pagamutan at parmasya. Ilagay lamang ang My Number sa card reader na may facial recognition sa reception desk.

Sa paggamit ng My Number health insurance card, kakailanganin ang paglagay ng apat na digits na pin number bilang electronic certificate at magpapatunay na rin ang pagmamay-ari nito.

Ang digital certificate na ito ay may expiration date. Anuman ang edad, ito ay may bisa hanggang sa ikalimang kaarawan mula sa petsa ng pag-isyu. Mahalagang isagawa ang pag-renew nito bago umabot sa petsa ng pagkawala ng bisa o expiration date.

May abiso na darating 2-3 buwan sa pamamagitan ng koreo tungkol sa expiration ng bisa ng My Numbers Card. Kaya mangyaring dalhin ang My Number card at ang natanggap na abiso sa pangunahing gusali ng Tochigi City Hall o sa counter ng alinmang tanggapang sangay nito upang makumpleto ang proseso ng renewal. Kung lumipas ang 3 buwan at hindi pa na-renew ang My Numbers Card ay maaari pang makapunta sa mga pagamutan gamit ito ngunit pagkatapos ng 3 tatlong buwan na hindi pa na renew ay maaring hindi na ito magkakaroon ng bisa.

## 3. Natatanging Tulong Pinansyal para sa mga Pamilyang Marami ang Anak sa Lungsod ng Tochigi.

Bilang bahagi ng isang programang partikular sa lungsod, igagawad sa mga pamilyang may tatlo o higit pang mga anak na nasa kolehiyo o mas bata na apektado ng pagtaas ng presyo ng pagkain at iba pang mga bagay.
Ang halaga ng pinansyal na tulong ay 10,000yen bawat bata mula sa ikatlong anak pataas. Ito ay isang beses na ibibigay. Ang mga batang kwalipikado para sa benepisyong ito ay ang mga ipinanganak sa pagitan ng Abril 2, 2002 at Pebrero 28, 2026.

Ang mga maaaring mag-aplay para sa benepisyong ito ay dapat naninirahan sa lungsod ng Tochigi.

Kung may tatlo o higit pang anak na kwalipikadong tatanggap ng benepisyong ito at naitala na ang impormasyon ng bank accounts na padadalhan ng nasabing halaga dahil sa Child Support Allowance ng Tochigi City mula pa noong Marso 31, 2025, ay hindi na kailangang mag-apply dahil ang nasabing benepisyo ay darating sa rehistradong Child Support Allowance sa katapusan ng Setyembre.

Ang mga abiso ay ipapadala sa mga recepients ng benepisyo mula sa ika-13 ng Agosto.
Ang maaaring mag-aplay para sa grant ay ang mga may address sa Tochigi City.
Para sa iba pang aplikante, mangyaring mag-apply sa Childcare General Affairs Division sa pangunahing gusali ng Tochigi City Hall.